# BAWAT PIYESA

*by:*
**Edelisa D. Malang**
*Teacher III, Bonifacio Camacho National High School*

Tahimik siyang nakatindig sa isang sulok ng tabla. Payak ang anyo—wala ni gintong korona o hinabing kapa. Kayang lampasan. Kayang takpan. Kayang talikuran. Ngunit sa bawat galaw ng laban, siya ang laging nauunang itulak.

Hindi siya ang bida. Hindi siya sumisigaw ng utos, ni nagbibigay ng malalalim na titig na tila may ipinaparating. Tahimik lang siyang naroon—katabi ng manlalaro. Binubulong ang galaw. Binabantayan ang tensyon. Binabasag ang kaba sa isang tapik sa balikat.

Tahimik siyang isinusulong.

depedbataan.com The Official Website of DepED Division of Bataan

Sa bawat banggaan ng mga piyesa, siya ang unang nakakita ng peligro. Sa bawat patibong ng kalaban, siya ang tahimik na bumubuo ng estratehiya. Hindi siya nasa gitna ng spotlight, pero siya ang dahilan kung bakit may ilaw ang entablado.

Hindi siya hinahangaan ng karamihan. Ngunit sa mata ng bawat batang dumaan sa ilalim ng kanyang paggabay, siya ang haligi ng disiplina at taktika.

At tuwing may panalo, siya rin ang kasama sa entablado—katabi ng manlalaro. Lagi siyang naroon. Ngunit bihirang mapansin. Isang anino ng tagumpay na hindi kailanman umangkin ng papuri.

Isang simpleng pawn.

Ngunit sa bawat tingin sa kanya, sa bawat pagkamangha sa galing niyang magbasa ng laro, sa bawat paalala niyang kapanatagan ng loob at tiwala sa Diyos ang

pinakamabisang istratehiya ay tila may tanong na unti-unting lumilinaw. Paano niya natutunang kabisaduhin ang bawat galaw, kung hindi pa siya sumabak sa sariling laban?

At isang gabi, sa isang sulok ng kwarto, habang tinatanggal ang ID na may nakasulat na "Coach," kinuha niya ang isang lumang kahon mula sa aparador. Binuksan iyon. Lumang gintong medalyang kupas. Litrato ng batang siya rin, nakatayo sa entablado.

Siya pala ang unang pawn na tumawid sa dulo. At ang bawat batang tinutulak niya ngayon sa tagumpay, ay mga repleksyon ng hakbang na dati na niyang tinahak. Ang pawn na lagi ninyong nakikitang katabi ng kampeon ay minsan na palang naging isang hari.

*References:*

https://www.bcu.ac.uk/blog/sport-and-life-sciences/what-does-a-sports-coach-do

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan